Institute of Political Economy

HULYO 2004

Praymer sa Pambansang Kalagayan

Gubyernong Walang Kredibilidad

Walang malaking pagbubunyi ang naganap matapos na muling maluklok sa poder si Gng. Gloria Macapagal-Arroyo bilang halal na presidente ng bansa sa katatapos na eleksyon noong Mayo. Para sa karaniwang mamamayan, tila dumaan at natapos ang eleksyon na alam na ang resulta di pa man tapos ang bilangan. Kumbaga sa basketbol, ending na lang ang pinagtatalunan.

Pinakamadugo at pinakamatindi ang dayaang naganap sa eleksyon noong Mayo sa kasaysayan ng bansa na lalo pang nagpatingkad sa kaguluhang pampulitika na iniluluwal ng matinding krisis sa ekonomya. Higit pa sa panibagong mandato, hangad ng imperyalismo at buong naghaharing uri ang isang kapanipaniwalang (credible) eleksyon bilang patunay na buhay ang demokrasya sa Pilipinas at may panibagong “pag-asa” ng pagbabago at pag-ahon sa kalagayan ng mamamayan.

3rd Floor, SCC Building, 4427 Interior Old Sta. Mesa, Manila • P.O. Box SM-447, Manila 1008
Tels. 7132737, 7132729 • Fax 7160108 • E-mail: editors@ibon.org

Subalit hindi na nga kayang palamutian ng mga hungkag na eleksyon ang nagnanaknak na krisis ng lipunang Pilipino tulad ng iniluwal ng nakaraang halalan. Lalong hindi naging kapanipaniwala ang eleksyon at hanggang ngayon marami pa rin ang duda sa resulta ng halalan hindi lang dahil sa malawakang dayaan at karahasan kundi dahil sa mga garapalang maniobra sa tunggaliang paksyunal. Katunayan, kinailangang iproklama ng mga kaalyado sa kongreso ang pagwawagi nina Arroyo at Noli de Castro isang madaling araw habang natutulog ang nakatutok na sambayanan.

Ang kawalang kredibilidad ng gubyernong Arroyo ay hindi lamang dahil sa garapal nitong pandaraya sa eleksyon. Mas nagmumula ito sa kawalan ng tiwala ng mamamayan sa kanyang administrasyon dahil sa matinding kahirapang iniresulta ng mga patakaran at programang ipinatupad nito sa naunang tatlong taon ng panunungkulan. Ang tutuo'y higit na sumandig si Arroyo sa suporta ng US at sa mga kasabwat sa naghaharing uri para magamit ng husto ang mga rekurso nito kabilang na ang pondo ng gubyerno para matiyak ang pananagumpay sa eleksyon.

Sa kabila ng napakalaking rekursong ito at gamit ang lahat ng pamamaraan, dumaan pa rin sa butas ng karayom para muling makapwesto sa poder ang gubyernong Arroyo. Naiproklama ang bagong gubyerno sa gitna ng matinding protesta ng mga katunggali nito sa pulitika na lalo pang nagpatampok sa kawalang kredibilidad ng resulta ng eleksyon.

Dahil sa mga pagdududang ito, mabuway ang pundasyon ng gubyernong Arroyo. Subalit lalo pang rurupok ang pundasyon dahil nakatuntong ito at nangangasiwa sa isang ekonomyang nakasadlak sa pinakamatinding krisis sa kasaysayan nito. Patuloy na lumalala ang krisis dahil sa mga pundamental na depektong istruktural ng malapyudal na ekonomya. Pinasasambulat ang permanenteng krisis ng malakolonyal na paghahari ng imperyalismong US sa bansa sa pamamagitan ng nangangayupapang pamumuno ng mga katiwalang papet.

Sa nakaraang tatlong taon, buong katapatang naging sunudsunuran ang gubyernong Arroyo sa mga dikta ng IMF-WB at WTO upang ipatupad ang mga patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon. Sa kabila ng kawalang-katwiran at matinding pagtutol, nakipagsabwatan ang gubyernong Arroyo sa gerang agresyon ng imperyalismong US sa Iraq at sa buong daigdig. Inialok pa nga ng gubyernong Arroyo ang Pilipinas bilang lunsaran, at mga tropang Pilipino sa Iraq kahit na hindi hinihingi ng "kaalyadong" US. Ito daw ay alang-alang sa mahigpit na alyansa ng US at Pilipinas sa ekonomya, pulitika at gera laban sa terorismo. Kapalit nito ang pampulitikang suporta ng gubyernong Bush sa gubyernong Arroyo na lubhang nahihiwalay sa mamamayang Pilipino at patuloy pang binabayo ng destabilisasyon mula sa iba pang paksyon ng naghahaharing uri.

1 Ano ang kalagayan ng pambansang ekonomya matapos ang eleksyon?

Walang inihatid na bagong pag-asa ang eleksyon sa ekonomya ng bansa. Hindi naganap ang inaasahang pagsigla ng negosyo at pamumuhunan dahil na rin sa di-matibay na kredibilidad ng eleksyon na nagbubukas sa mas bulnerableng katayuan ng gubyerno. Kahit humupa na ang labanang elektoral, lalo pang nagdalawang isip ang mga mamumuhunan na maglagak ng kanilang kapital sa kawalang katiyakan ng sitwasyon.

Hindi naging epektibo ang propaganda ng gubyerno sa ipinagmamalaki nitong paglago ng gross domestic product (GDP) ng bansa sa unang kwarto ng taon. Matatandaang ipinagyabang ng gubyernong Arroyo ang 6.4% na paglago sa GDP growth rate ng bansa na pinakamabilis na paglago sa nakaraang 10 taon. Gayunman, sa masinsing pag-aaral sa mga datos ng GDP/GNP, mapapansing ang sinasabing paglago sa ekonomya ay tulak pangunahin ng pagsigla sa sektor ng agrikultura partikular sa panggugubat (forestry). Ang bahagyang paglago sa sektor ng industriya ay mula sa

TABLE1. GNP & GDP by Industrial Origin
Growth rates at constant (1985) prices
First Quarter 2003-2004

	2003	2004
Industry		
Agri, Forestry, Fishery	2.9	7.7
1. Agriculture & Fishery	3.0	7.5
2. Forestry	-50.0	96.2
Industry Sector	4.0	5.5
1. Mining & Quarrying	8.9	21.0
2. Manufacturing	5.3	4.3
3. Construction	-3.2	6.5
4. Electricity, Gas & Water	3.1	5.4
Service Sector	5.6	6.4
1. Trans., Comm. & Stor.	8.6	9.3
2. Trade	5.5	6.9
3. Finance	5.0	6.9
4. O. Dwellings & R. Estate	3.1	3.6
5. Private Services	5.3	6.6
6. Gov't Services	5.1	2.6
GROSS DOMESTIC PRODUCT	4.5	6.4
GROSS NATIONAL PRODUCT	5.6	6.2

Source: National Statistical Coordination Board

pagmimina, konstruksyon at sa mga yutilitis habang ang pagmamanupaktura na gulugod at bumubuo ng pinakamalaking bahagi ng sektor ng “industriya” ng bansa ay nanatiling hilahod at patuloy na tumitirik ang produksyon. Samantala, patuloy na lumalaki ang sektor ng serbisyo na tinatayang halos kalahati na ng buong ekonomya. Bahagi ng service sector ang kalakalan, pagbabangko, pinansya, real estate, transportasyon at komunikasyon na dinadaluyan ng eksport at import gayundin ng salapi mula sa labas ng bansa tulad ng dayuhang pautang at remitans ng mga migrante.

Wala na ngang kumakagat sa mga pasiklab na ito ng paglago sa ekonomya dahil sa matagal nang napag-iba ng mamamayan ang “paglago” sa “pag-unlad” ng ekonomya. Hindi na bago ang sitwasyong may naitatalang paglago sa ekonomya kahit na pa walang pag-unlad o mas masahol pa, lalong bumabagsak ang kabuhayan ng mamamayan. Mula pa noon laluna nang ipatupad ang mga patakaran ng globalisasyon, pabugsobugsong lumalago ang ekonomya ng bansa samantalang ang kabuhayan ng mamamayan ay permanenteng nasa krisis at patuloy na dumadausdos.

Ang sinasabing 6.4% GDP growth rate sa first quarter ng 2004 ay dulot pangunahin ng mga patakaran ng globalisasyon tulad ng pribatisasyon ng mga yutilitis at deregulasyon tulad sa industriya ng langis. Pinalaki pa ng patakaran sa liberalisasyon ng ekonomya ang sektor ng serbisyo habang umiimpis ang produksyon sa industriya kaya halimbawa, ang paglago ng GDP ay nangangahulugan ng malaking tubo ng mga kumpanya ng cellphones mula sa texting at electronic loading habang patuloy na lumiliit ang bilang ng mga pagawaan at trabaho.

Malaking salik din sa paglago ng ekonomya ang dagliang pagbuhos at pag-ikot ng salapi kapag may napipintong eleksyon. Naging mainam din ang klima sa agrikultura na nagpalaki sa produksyon ng palay at nagpadami ng byahe palaot ng mga mangingisda. Iba pang usapan kung lumaki ang kita ng mga magsasaka at mangingisda dahil patuloy na bagsak ang halaga ng mga produktong agrikultural kapag binibili ito sa kanila (farmgate prices) ngunit makailang doble itong tumataas kapag nasa pamilihan na.

Narito ang mapanlinlang na katangian ng GNP/GDP bilang isang panukat sa ekonomya. Hindi nito ipinapakitang ang “paglago” sa ekonomya ay pinakikinabangan lamang ng iilan tulad ng mga panginoong maylupa, kumprador burgesya at mga dayuhang kapitalista subalit ang pinagpipigaan ng kanilang tubo ay ang nakararaming mamamayan.

Gayunma'y hindi maitatago ng GNP/GDP ang pangkalahatang katangian ng malapyudal na ekonomya ng bansa. Hindi maitatatwa na ang atrasadong agrikultura at bansot na industriya ay sadya upang magsilbi sa pangangailangan ng dayuhang pamilihan. Noon hanggang ngayon, ang ekonomya ng Pilipinas ay nakadisenyong maging suplayer ng murang hilaw na materyales at siil na paggawa habang ready market ng mga sobrang produkto mula sa mga imperyalistang bansa.

Sa halip na mag-industriyalisa at magsagawa ng tunay na repormang agraryo, hinulma ng mga papet na gubyerno ang ekonomya ng bansa sa oryentasyong eksport-import na ang resulta ay palaging pagkalugi sa kalakalan. Dahil walang industriya at labis na nakasandig sa imported na sangkap ang produksyon, laging nangangailangan ng dolyar ang ekonomya kaya labis itong nakaasa sa dayuhang pamumuhunan at pautang ng mga imperyalistang ahensya tulad ng IMF at WB. Tuloy-tuloy na bumagsak ang kabuhayan ng mga manggagawa, magsasaka, empleyado, maliliit na negosyante at iba pang produktibong pwersa habang limpak na tubo ang napipiga ng mga panginoong maylupa at kumprador burges na mga pangunahing kasosyo ng mga dayuhang kapitalista.

Lalo pang lumala ang ganitong kaayusan sa pagpapatupad ng mga patakaran ng globalisasyon. Nilumpo ng liberalisasyon ang maliit na industriya ng bansa at maramihan ang pagsasara ng mga pagawaan habang winasak nito ang libulibong sakahan na tanging ikinabubuhay ng maliliit na prodyuser tulad ng magsasaka. Milyon-milyon ang nawalan ng hanapbuhay at napipilitang tumanggap ng mas mababang sahod, hatian sa parte o di-makataong kalagayan sa paggawa para lamang mabuhay.

Samantala, wala man lang tuloytuloy at matinong serbisyong panlipunan na maasahan sa gubyerno. Sa halip, kasama pa sa pribatisasyon ang mga serbisyong panlipunan tulad ng yutilitis, edukasyon, kalusugan, pabahay at kahit ang pagpapahusay ng mga kalsada at tulay. Laging dinadahilan ng gubyerno ang kawalan ng pondo kapag hinahanapan ng serbisyong panlipunan.

Tutuong bangkarote ang gubyerno at katunayan ay dinaranas nito ang pinakamatinding depisito sa badyet sa kasaysayan ng bansa. Subalit wala itong masisisi kundi ang mga sariling patakaran na siya mismong dahilan kung bakit ito bangkarote.

2 Bakit bangkarote ang gubyerno at ang ekonomya ng bansa?

Bangkarote ang gubyerno dahil sa burukrata kapitalismo o ang sistema ng pagpapatakbo sa gubyerno na parang negosyo. Kapalit ng kanilang pagiging matapat na papet ng imperyalismo at naghaharing uri, ginagantimpalaan ang mga burukrata sa gubyerno ng mga pagkakataon upang makapandambong sa kabang yaman ng bansa. Malaking bahagi ng salapi ng bayan ay napupunta sa pangungurakot ng mga upisyal ng pamahalaan.

Sa ilalim ng gubyernong Arroyo, nasaid ang kabang yaman ng gubyerno hindi lamang dahil sa malawakang korupsyon at pangungurakot kundi higit pa dahil sa mga patakaran ng globalisasyon. Ang kawalang kita ng gubyerno ay direktang resulta ng mga patakarang isinagawa nito bilang pagsunod sa mga preskripsyon ng mga imperyalistang ahensya tulad ng IMF, World Bank at World Trade Organization (WTO).

Umabot sa P199.9 bilyon ang budget deficit ng gubyerno sa pagtatapos ng 2003. Sa taong ito (2004), target ng gubyerno na pababain ang kakulangan sa badyet subalit sa unang 5 buwan pa lamang ng taon, umabot na ang depisito nito sa P77.3 bilyon na halos kapantay na ng maksimum na palugit na P79.6 bilyon para sa kalahating taon.

Hindi na bago sa kasaysayan ng bansa ang mga kaso ng depisito sa badyet ng gubyerno. Nasasaid ang kabangyaman ng bansa sa talamak na burukrata kapitalismo. Bukod pa ito sa tuwina'y pagkalugi ng ekonomya dahil sa katangian nitong import-eksport. Noong 1997, sa kabila ng krisis pampinansya sa Asya, nagtamo ng malalaking surplas sa badyet ang gubyerno dahil sa maramihang pagbenta ng mga ariarian ng gubyerno sa ilalim ng programa ng pribatisasyon. Makalipas ang ilang panahon, nagdepisit na ang badyet ng gubyerno bunga ng unti-unting pagkaubos ang mga ariarian ng gubyerno na ibinenta sa pamamagitan ng pribatisasyon at artipisyal na nagdagdag sa kita ng bansa kasabay ng agresibong pagtutulak ng liberalisasyon ng ekonomya.

Sa ilalim ng gubyernong Arroyo naganap ang pinakamatinding depisito sa badyet sa kasaysayan. Bukod sa napakatindi at malawakang pangungurakot, kaliwa't kanan din ang pagbibenta ng ariarian ng gubyerno sa mga dayuhang

kapitalista kahit na sa presyong palugi. Mas masahol pa, sinasalo ng gubyerno ang pagbabayad sa utang ng mga naluging korporasyon ng gubyerno tulad ng sa National Power Corporation (Napocor) at Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS).

Lalo pang nasasaid ang kaban ng gubyerno dahil sa patuloy na pagliit ng kita mula sa buwis at taripa. Sa dikta ng mga ahensya ng imperyalismo, agresibong ipinatupad ng gubyernong Arroyo ang liberalisasyon ng ekonomya na epektibong nag-alis ng mga taripa, bayad sa adwana at iba pang "restriksyon" sa malayang pagpasok ng mga dayuhang produkto. Pagsasakatuparan din ito sa mga kasunduan sa liberalisasyon ng kalakalan ayon sa itinatakda ng GATT-WTO ang mga bilateral trade agreements sa US at Japan. Nagluwal din ang liberalisasyon ng malawakang pangungurakot at "legal" na ismagling na lalo pang nagkait ng kita sa gubyerno.

Bahagi pa rin sa preskripsyon ng globalisasyon ang pagbibigay ng mga tax incentives sa dayuhang mamumuhunan at exporter-importer para pumasok ang mga ito sa bansa. Lalong ginipit ng ganitong patakaran ang mga maliliit na negosyante na nagsasara o di kaya'y nagbabawas ng mga manggagawa. Alinman ang kasapitan dito, wala pa ring buwis na kikitain ang gubyerno. Libre ang mga dayuhang kapitalista, nakakalusot ang malalaking kapitalista, wala nang kakayahang makapagbayad ng buwis ang naluluging maliit na negosyante at wala nang trabaho ang mga manggagawa.

Narito ang malaking kahangalan ng patakarang liberalisasyon. Kahit na may krisis pang-ekonomya patuloy ang insentibo sa mga dayuhan at sa mga lokal na eksporter-importer habang lalo pang nagigipit ang mga maliliit na negosyante, maliit na prodyuser tulad ng magsasaka at mga manggagawa.

3 Saan kukunin ng gubyerno ang pampuno sa depisito nito sa badyet?

Buwis, panibagong buwis at dagdag na buwis ang solusyon ng gubyerno para punuan ang matinding depisito sa badyet nito. Ngayon pa lang, nagpapasabi na ang gubyernong Arroyo ng mga bagong buwis upang makapagpasulpot ng panibagong P50 bilyon kada taon.

Kabilang sa mga panukalang bagong buwis ay tuwirang hahagupit sa mamamayan tulad ng buwis sa text messaging na isa sa mga target ng gubyerno dahil sa laki ng posibleng kitain mula dito. Halimbawa, kung bubuwisan ng isang sentimo kada isa sa tinatayang 150 milyong text messages sa bansa kada araw, malinaw na kikita ang gubyerno ng P1 bilyon kada taon.

Ipapatupad din ang mas malaking “sin taxes” (buwis sa alak at sigarilyo), dagdag na buwis sa produktong petrolyo, common carriers tax, buwis sa kita ng migranteng manggagawa, buwis para sa mga self-employed na manggagawa, at pagpapalaki ng valued added tax (VAT) mula 10% patungong 15%.

Kalakhan ng mga panukalang bagong buwis ay lalo pang magpapahirap sa miserable nang pamumuhay ng mamamayan. Regresibo ang sistema ng pagbubuwis sa Pilipinas dahil wala itong pagsasaalang-alang sa kakayahan at katayuang pang-ekonomya ng mga taxpayer. Hindi lamang kontra-mahirap ang ganitong sistema ng pagbubuwis, makadayuhan at kontra-industriyalisasyon ito dahil pinapaboran nito ang mga dayuhang mamumuhunan at malalaking kumprador-asindero habang binubugbog nito ng sangkatutak na buwis ang mamamayan.

Lagi ring binabalingan ng gubyerno ang pangungutang bilang solusyon sa depisito sa badyet. Ito na ang naging timbulan ng gubyerno sa matitinding depisito sa badyet at bayarin ng bansa. Subalit, sa pagsisimula ng bagong termino ng gubyernong Arroyo, ang kalagayan sa utang ng bansa ay umabot na sa napakatinding krisis.

Noong Enero 2004, umabot na sa $57.4 bilyon ang utang panlabas ng bansa (tingnan ang table 2). Malaking bahagi nito (69%) ay utang ng gubyerno. Sa kabuuan, aabot na sa P4.130 trilyon ng kabuuang utang ng gubyerno kapag pinagsama ang utang panlabas nito, lokal na utang kasama ang interes sa mga utang na ito. Ang kabuuang utang ng gubyerno ay halos 95% ng kabuuang GDP ng bansa. Katunayan, 31.4% ng kabuuang gastos ng gubyerno ay napupunta sa pagbabayad ng mga utang nito.

Ang 2004 na badyet ng gubyerno na nagkakahalaga ng P864.8 bilyon ay mapupunta lamang sa pagbabayad ng utang. Lumiliit ang badyet na napupunta sa ibang gastusin ng gubyerno subalit patuloy na tumataas ang bahaging

Table 2. Total Foreign Exchange Liabilities, January to December 2003 (in million US $)

By Maturity	57,395
Short-Term	6,179
Medium & Long-Term	51,216
By Borrower	57,395
Public Sector	39,498
Private Sector	17,897
By Institutional Creditor	57,395
Multilateral	9,031
of which:	
IBRD	3,446
ADB	3,710
IMF	1,193
Bilateral	16,895
of which:	
Export Credit Agencies	2,281
Banks & Other Financial Institutions	10,681
Bondholders / Noteholders	17,111
Suppliers / Exproters	3,236
Others	440
By Country Profile	57,395
Japan	14,478
USA	6,223
United Kingdom	688
France	923
Germany	2,690
Others	6,251
Multilateral Agencies	9,031
Bondholders / Noteholders	17,111

Source: Bangko Sentral ng Pilipinas

pambayad sa utang. Halimbawa, patuloy na umiimpis ang badyet ng serbisyong panlipunan na hahatiin pa sa edukasyon, kalusugan at iba pa habang awtomatiko at patuloy pang lumalaki ang agad na itinatabi sa pagbabayad ng utang sa mga imperyalistang bangko at ahensya. Isa pang patunay ito kung kaninong interes ang pinaglilingkuran ng gubyernong Arroyo.

Table 3. Expenditure Program by Sector, 2002-2004 percentage share

	2002	2003	2004
Economic Services	20.39	20.22	18.03
Social Services	31.06	29.15	28.73
Defense	5.24	5.01	4.99
General Public Services	17.91	16.61	16.21
Net Lending	0.35	0.68	0.64
Debt Service (interest payments)	25.05	28.43	31.40
Grand Total	100.00	100.00	100.00

Mamamayan ang pumapasan ng depisito sa badyet ng gubyerno. Pipigain sa mamamayan ang iba't ibang buwis nang walang pagtatangi sa kanilang kita at kabuhayan. Mamamayan din ang papasan ng mga kondisyong ipapataw ng mga imperyalistang ahensya sa bawat utang na gagawin ng gubyerno.

4 Ano ang epekto nito sa kabuhayan ng mamamayan?

Krisis, lalo pang pagbagsak ng kabuhayan at walang serbisyong panlipunan. Ito ang tanging kahulugan ng depisito sa badyet na hindi mapagtatakpan ng mga mapanlinlang na datos ng paglago ng ekonomya. Katunayan ay matagal nang malaganap ang paghihikahos ng mamamayan at ibayo pa itong pinalala ng problema sa pinansya at badyet ng gubyerno.

Mga karaniwang mamamayan ang unang sinalanta ng mapangwasak na epekto ng mga patakaran ng globalisasyon. Sila ang mga magsasakang nawalan ng lupa at kakayahang makipagkumpetisyon sa pagdagsa ng mga imported na produktong agrikultural. Sila ang mga manggagawa na nawalan ng trabaho dahil sa malawakang pagsasara ng mga pabrika at tanggalan ng mga trabaho at ngayo'y napipilitang maging kontraktwal at magtrabaho sa napakababang sahod at di-makataong kundisyon sa paggawa. Para sa

karaniwang mamamayan ang krisis na bumabayo sa ekonomya ay makikita sa kawalan ng trabaho, pagbaba ng istandard ng pamumuhay at pagtaas ng halaga ng pamumuhay.

Walang trabaho para sa patuloy na lumalaking hukbo ng mga walang mapagkakakitaan. Ayon sa datos mismo ng gubyerno, 13 sa bawat 100 manggagawang nais magtrabaho ay di-makahanap ng hanapbuhay. Nitong Abril 2004, tinatayang aabot sa 13.7% ang unemployment rate ng bansa na mas mataas sa 12.2% na nairekord noong nakaraang taon. Tumaas din sa 18.5% ang under-employment rate o ang insidente ng mga nakakapagtrabaho ng mababa sa kanilang kwalipikasyon o kaya'y trabahong mababa sa pangkaraniwang 40 oras kada linggo. Kung tutuusin, hindi pa makatotohanan ang datos na ito dahil itinuturing na may trabaho ang mga own-account workers at unpaid family worker at hindi naibibilang ang patuloy na lumalaking bilang ng migranteng manggagawang lumalabas

Table 4. Results of the April 2004 Labor Force Survey in the Philippines (In Thousands)

Selected Variables	April 2004	April 2003
Labor force population	36,509	34,635
Participation Rate	68.9%	67.1%
Employment Rate	86.3%	87.8%
Unemployment Rate	13.7%	12.2%
Underemployment Rate	18.5%	15.6%
Employed persons	31,520	30,418
Industry sector		
Agriculture	11,079	11,155
Industry	5,139	4,860
Services	15,304	14,405
Class of worker		
Wage and salary	16,072	14,635
Own-account	11,701	11,654
Unpaid family worker	3,747	4,128
Underemployed persons	5,831	4,733
Worked less than 40 hours	3,875	3,190
Worked 40 hours and over	1,956	1,543
Not reported	-	-
Not in the labor force	16,462	16,962

Notes: Estimates for April 2004 are preliminary results and are subject to change.

Source: Income and Employment Statistics Division, Labor Force Survey Household Statistics Department, National Statistics Office Republic of the Philippines

ng bansa araw-araw. Sa pagtataya ng Ibon, ang kakulangan sa trabaho ay maaring umabot ng 32.9% ng kabuuang lakas-paggawa ng bansa. Ibig sabihin, 3 sa bawat 10 manggagawa na nais magtrabaho ang hindi kayang iempleyo sa ekonomya ng bansa.

Direktang resulta ng mga patakaran ng globalisasyon ang pinakamatinding kawalan ng hanapbuhay sa kasaysayan ng bansa. Ito rin ang itinuturing na pinakamataas na unemployment rate sa Asya. Dahil sa liberalisasyon ng ekonomya at kawalan ng proteksyon mula sa gubyerno, tumirik ang produksyon at nagsipagsara ang mga pagawaan at sakahan. Sa unang kwarto ng taon, 8 sa bawat 20 establisimyento lamang ang may pagtaas sa kanilang produksyon habang 13 lamang sa bawat 100 establisimyento ang nag-oopereyt sa kanilang full capacity. Mula nang maluklok ang gubyernong Arroyo apat na taon na ang nakaraan, araw-araw mahigit 8 establisimyento ang nagsasara o kaya'y nagbabawas ng manggagawa dahil sa pagkakalugi o kawalang-kakayahan na makipagsabayan sa liberalisasyon. Bilang resulta, tinatayang 196 na manggagawa ang nawawalan ng trabaho kada araw. Sa loob ng nakaraang 11 taon, tinatayang bawat taon ay 9,900 sakahan ang nawawasak sa kanayunan na mangangahulugan ng libong magsasakang nawalan ng ikabubuhay.

Table 5. Establishments Resorting to Permanent Closure/Retrenchment Due to Economic Reasons and Workers Displaced

	2003	2002	2001	2000
Establishments reporting [a]	3,262	3,403	2,859	2,258
Closure	577	762	617	494
Reduction of work force	2,710	2,702	2,276	1,788
Workers displaced	67,977	80,091	71,864	67,624
Closure	24,638	25,240	25,468	21,367
Reduction of work force	43,339	54,851	46,396	46,257

[a] - details may not add up due to multiple reporting

Source: Department of Labor and Employment

Bingi ang gubyerno sa hinaing ng mamamayan para sa pagtataas ng minimum na pasahod. Sa loob halos ng apat na taon, nanatiling nakapako sa P250 ang minimum na pasahod sa National Capital Region (NCR). Pero mas mababa pa dito sa ibang rehiyon na may pangkaraniwang minimum na pasahod mula P138 hanggang P237 sa non-agricultural; P131-P228 sa mga plantasyon at P130-P192 sa mga agricultural worker sa labas ng plantasyon. Pero sa aktwal, napakasahol ng sahod na tinatangap ng mga manggagawang bukid dahil sa malapyudal na pagsasamantala sa mga ito. Sa mga palayan at maisan, umaabot lamang sa P100 ang pangkaraniwang isinasahod sa mga manggagawang bukid na lalaki at mas maliit pa dito (kadalasan P75-P90) ang ibinibigay sa mga kababaihan at batang manggagawa.

Mula nang manungkulan, 2 beses lamang nagpaunlak ang gubyerno na magtaas sa “sahod” sa anyo ng Emergency Cost of Living Allowance (ECOLA) – P20 noong 2002 at P30 ngayong taon para sa manggagawa sa NCR na tumatanggap lamang ng minimum. Hindi bahagi ng basic pay ang ECOLA kaya hindi ito kasama kapag kinikwenta ang overtime pay, 13th month pay at iba pang benepisyo ng manggagawa. Sa esensya, nananatiling P250 ang minimum na pasahod ng mga manggagawa.

Paano man ito kwentahin, hindi na talaga makasasapat ang kakarampot na sahod para mabuhay ng disente. Napakalayo ng aktwal na halaga ng minimum na pasahod sa halagang kailangan para mabuhay ng disente sa panahon ng mabilis na pagtaas sa presyo ng lahat ng mga batayang produkto at serbisyo. Aminado kahit ang gubyerno na tumaas ang presyo ng mga batayang produkto. Ayon sa NEDA, tumaas nitong Hunyo ang presyo ng bigas (1.7%), mais (10.3%), karne (15.9%) at isda (6.7%) kumpara sa presyo nito noong Hunyo 2003. Gayunman, sa pangkalahatan, patuloy na bagsak ang farmgate prices ng mga produktong ito. Patunay nito, ang reklamo kamakailan ng mga prodyuser ng manok na binibili lamang sa kanila ng P54-55 kada kilo ang manok samantalang mahigit P100 ang benta nito sa palengke.

Pero kumbaga sa boksing, ang tuluyang nagpaplakda sa mamamayan ay ang bigwas ng TKO — pagtaas ng presyo ng tubig, kuryente at oil. Dito ay hindi na kayang magtago pa ng gubyerno sa napakasamang epektong idinulot ng mga patakaran nito sa globalisasyon. Nalantad sa TKO ang pagiging papet ng gubyernong Arroyo sa imperyalismo at sa lokal na naghaharing uri.

Nangangalahati pa lang ang 2004 pero pitong beses nang tumaas ang presyo ng produktong petrolyo na ang pinakahuli ay ang P1 kada litro. Ito ang ika-61 pagtaas sa presyo ng produktong petrolyo mula nang ipatupad ang deregulasyon sa industriya ng langis noong 1996. Sa deregulasyon, malayang naitatakda ng malalaking korporasyong transnasyunal ang presyo ng mga produktong petrolyo ayon sa presyo nito sa pamilihan. Subalit ang presyo nito sa pamilihan ay arbitraryong itinatakda ng mga malalaking oil TNCs na may kontrol at monopolyo sa buong proseso ng industriya ng petrolyo mula sa pagmimina, pagrerepina hanggang sa distribusyon. Dambuhalang tubo ang napipiga ng korporasyong transnasyunal sa pamamagitan ng transfer pricing sa pagitan ng punong kumpanya sa mga subsidaryong kumpanya nito. Sa halip na mawala ang monopolyo sa industriya ng langis sa bansa, lalo pa nang pinahigpit ng deregulasyon ang kontrol dito ng mga malalaking oil TNCs (Shell, Caltex, Petron).

Patuloy naman kinukuryente ang mamamayan ng sunudsunod na pagtaas sa singil ng kuryente ng Napocor at ng Meralco na pangunahing distributor ng kuryente sa bansa. Nitong Marso, nagpetisyon ang Meralco na magtaas ng singil na 13.58 centavos kada kwh. Inaprobahan din ng Energy Regulatory Commission (ERC) ang isa pang petisyon ng Napocor na magtaas ng 7.27 centavos per kwh na tiyak ding ipapasa sa mga konsumer nito. Ang mga pagtaas na ito ay mangangahulugan ng panibagong konsumisyong bayarin sa

Table 6 Summary of Overpricing/Underpricing of Oil Companies, 2000-2004

Year	Average Daily Consumption (Million Liters)	Ideal Price Hike/Rollback (P per Liter)	Actual Price Hike/Rollback (P per Liter)	Overpricing/ Underpricing (Per liter)	Profiteering (P million)
2000	52.31	0.69	4.87	4.18	6,765.87
2001	52.62	-0.74	-2.26	-1.52	-2,419.32
2002	50.88	2.29	1.96	-0.33	-532.81
2003	50.50	0.87	1.78	0.91	1,331.18
2004	50.50	0.83	0.95	0.12	158.88
Total		3.11	6.35	3.36	5,303.80

Note: 2004 data as of January to March only

IBON estimates based on DOE and BSP data

kuryente ng mamamayan. Noon pa man ay nakatakda nang isapribado ang Napocor pero dahil sa matinding pagkakautang nito dulot ng pagkalugi sa maanomalyang kontrata sa mga independent power producers (IPPs), kinailangang pang saluhin ng gubyerno ang mga utang nito upang mainteres ang mga dayuhang bilhin ito.

Tulad ng pagsalo ng gubyerno sa utang ng Napocor, sinasalo din ng gubyerno ang hindi nakamit na tubo ng mga pribadong concessionaires ng MWSS. Sa kabila ng kasunduan, tinanggap ng gubyerno ang mga petisyon ng Maynilad at Manila Water na magtaas ng kanilang singil sa kuryente. Mula ng isapribado ang MWSS noong 1997, umabot sa 226% (Maynilad) at 350% (Manila Water) ang kabuuang itinaas sa singil sa tubig. Ito ang laman ng Concessionaires Agreement Amendment 1 na "nagpapahintulot" sa pagtataas ng singil upang diumano ay marekober ang pagkalugi ng mga kumpanya dahil sa pagtaas ng palitan ng piso sa dolyar. Ang Amendment No. 2 ay patungkol sa reorganisasyon ng Maynilad na nagsauli ng concession sa gubyerno matapos na tumubo ng husto sa ilang taong pag-opereyt. Masahol pa, naiwan pa sa gubyerno na inako naman ang pagbabayad sa mga pagkakautang nito.



Lugmok na sa kahirapan ang mamamayan subalit binibigwasan pa ito ng mga patakaran ng gubyerno na lalo pang nagbabaon sa napakatinding paghihikahos. Bumabagsak ang kabuhayan ng mamamayan subalit patuloy namang tumataas ang halaga ng pamumuhay.

Sa NCR, tinatayang aabot na sa P586.99 ang halagang kinakailangan ng isang pamilya para mabuhay ng disente (P466.97 ito sa pambansang tantos). Kung ihahambing sa P250 na minimum na pasahod sa NCR kahit isama pa ang mga ECOLA na inilimos ng gubyernong Arroyo, halos kalahati lamang ito ng halagang kailangan para mabuhay. Sa kanayunan, ang minimum na sahod sa agrikultura na P136.87 ay 32% lamang ng karaniwang halagang kailangan (P425.01) ng isang pamilya ng magbubukid.

Subalit itinatanggi ng gubyerno ang malaganap na karukhaan sa bansa. Ayon sa mga datos ng gubyerno, 28% lamang ng populasyon ang mahihirap o nasa ilalim ng poverty threshold. Sa sukatan ng gubyerno, ang poverty threshold ay P11,906 kada taon o P32.62 badyet kada araw ng isang Pilipino.

Mas mataas pa dito ang pagtataya ng World Bank na gumagamit naman ng $2 (P110) kada araw kada tao bilang minimum ns halagang kailangan para sa disenteng pamumuhay. Sa pagtataya ng Ibon, na gamit ang dating mga panukat sa income and expenditure survey ng gubyerno, aabot sa 88% ng mamamayang Pilipino ang nasa ilalim ng poverty threshold.

5 Ano ang 10 puntong programa ng bagong luklok na gubyernong Arroyo? Makakapagdulot ba ito ng pagbabago sa kalagayan ng mamamayan?

Retorika. Pambobola. Kung hindi man, ito ay programang hindi nakabatay sa reyalidad at hindi talaga tumutugon sa tunay na mga isyu ng mamamayan.

Masarap pakinggan ang target na 6 hanggang 10 milyong trabahong lilikhain ng gubyernong Arroyo sa loob ng anim na taon. Magandang balita ito para sa mahigit 5 milyong manggagawa na walang trabaho. Ang problema'y mahirap maniwala sa pangako ng isang gubyernong sumira at nagwasak sa milyong trabaho sa nakaraang apat na taon dahil sa mga patakaran nito sa globalisasyon.

Talaan 1: Sampung Puntong Programa ni Pangulong Arroyo

1. Mahigit anim na milyong trabaho, kung maaari sampung milyong trabaho.
2. Itaguyod ang 3 milyong entrepreneurs
3. Mapaunlad ang 1 - 2 milyong ektaryang lupang agribisnes
4. Makapasok sa eskuwela ang bawat bata.
5. Isang balanseng badyet
6. Mayroong sapat na lugar sa silid-aralan at may kompyuter sa bawat aralan.
7. Maibsan ang pagsisikip ng Metro Manila sa pamamagitan ng pagbunsod at paglawak ng pang-ekonomyang aktibidad sa mga bagong sentro ng gubyerno sa kalakalakan at komunidad Luzon, Visayas at Mindanao.
8. Kuryente at tubig para sa lahat ng barangay.
9. Kasunduang pangkapayapaan sa rebeldeng Muslim at komunista.
10. Computerized na Eleksyon. Tama na ang manu-manong pagsusuma ng boto.

Kung meron mang bagong trabahong nalikha sa ilalim ng gubyernong Arroyo, malaking bahagi nito ay matatagpuan sa service sector at sa agrikulura. Sa nakaraang apat na taon, 4 sa bawat 10 bagong trabahong nalikha ay self-employment o kaya'y kontraktwal o part time na trabaho. isang halimbawa nito ang mga inempleyong tagalinis ng kalsada noong panahon ng eleksyon. Maaring makamit ng gubyernong Arroyo ang target nito sa empleyo kung babaguhin nito ang depinisyon ng regular na trabaho tulad nang tinatangka ngayong isagawa sa pagbabago ng Labor Code. Sa panahon ng kontraktwalisasyon at pleksibleng paggawa, ang trabaho ng isang tao ay maaring ipasa sa dalawa hanggang tatlong manggagawa.

Bahaw na islogan din ang pagsuporta sa mga maliliit na negosyante at prodyuser kung hindi ito bibigyang proteksyon at subsidyo ng gubyerno sa harap ng di-pantay na kumpetisyon sa malalaking dayuhang kapitalista. Sa halip na iliberalisa ang ekonomya at paboran ang dayuhang monopolyo kapitalista, lilikha ng maraming trabaho kung susuportahan ng gubyerno ang mga lokal na maliliit na negosyante. Gayunman, nasa pagsasagawa ng tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon ang katuparan ang paglikha ng maraming trabaho at papawi sa matinding disempleyo ng bansa.

Talaan 2: Ilang Nilalaman ng People's Economic Agenda para sa Unang 100 Araw ni Pangulong Arroyo

1. I-rolbak ang presyo ng bigas sa P12 kada kilo
2. Itigil ang PPA at ang paniningil ng mapaniil/mapang-api na mga adjustment mechanism sa tubig at kuryente.
3. I-rolbak ang presyo ng langis.
4. Itigil ang paniningil ng excise taxes sa mga produktong langis na kinukunsomo ng nakakarami.
5. I-rolbak ang singil sa tubig.
6. Pangunahan ang pagrepaso sa patakarang pribatisasyon at deregulasyon sa langis, tubig at enerhiya.
7. Ipatupad ang pansamantalang pagtataas ng sahod habang tinatalakay sa Kongreso ang pagsasabatas ng pagtataas ng sahod na nationwide, across-the-board.
8. Para sa SMEs, magpatupad ng pamamaraan katulad ng special tax holidays, pagkakataon sa mga credit facilities, at iba pang paraan ng subsidyo.
9. Dagdagan ang badyet sa serbisyong panlipunan - 5% ng GNP sa kalusugan; magtakda ng komite na magrerebisa sa edukasyon at pabahay.
10. Pawalang-bisa ang PD117 – Automatic Appropriation Law
11. Kanselahin ang Marcos debt at pag-aralan ang balangkas ng pagbabayad ng dayuhang pautang.
12. Magtakda ng polisiya sa paglalagay ng hangganan sa pangungutang.
13. Isaisang-tabi ang pagpasok sa liberalisasyon ng kalakalan sa agrikultura partikular sa WTO.
14. Repasuhin ang kasalukuyang antas ng taripa sa mga produktong agrikultura.
15. Repasuhin ang pagpapawalang-bisa sa RA 8178 (Agricultural Tariffication Act of 1995) na nagbunsod sa liberalisasyon sa importasyon ng produktong agrikultura at magtakda ng pagsuspinde dito habang nirerepaso ang pagpapawalang-bisa.
16. Magtalaga ng ispesyal na pondo o subsidyo upang itaguyod ang mga maliliit na magsasaka.
17. Ang DAR ay dapat magbigay diin sa pamamahagi ng malalaking lupang agrikultural sa unang 100 araw.
18. Itigil ang pagpapatupad ng pagpapalit-gamit sa lupa, plantasyon at iba pang corporative schemes sa agrikutura.
19. Magpahayag ng pagpapatigil sa sapilitang pagpapaalis ng mga maralitang pamilyang iskwater.
20. Repasuhin ang programang pabahay.
21. Atasan ang MMDA na itigil ang paglilinis ng mga bangketa at bumuo ng panukalang subsidyo para sa mga sidewalk vendors.

Ang programa para sa 100% enrolment at computer para sa bawat iskwela ay tila mahirap isagawa kung patuloy na lumiliit ang badyet sa edukasyon habang mas inuuna sa alokasyon ang pambayad utang. Tila mahirap ding ilugar ang pangakong kuryente at malinis na tubig sa bawat barangay sa programa ng pribatisasyong ayaw tantanan ng gubyernong Arroyo. Target nitong paunlarin ang kanayunan para mahikayat ang pagbabawas ng populasyon sa mga lunsod subalit ang susi sa pagpapaunlad ng kanayunan ay ang pagbabaklas sa pyudal na monopolyo ng mga panginoong maylupa na karamihan ay mga matataas na pinuno sa gubyernong Arroyo.

Kung tunay ngang hangad ng gubyernong Arroyo ang kapakanan ng mamamayan at nais nitong gumawa ng makabuluhang pagbabago sa unang 100 araw ng kanyang bagong termino, maari nitong ipatupad ang mga kongkreto at kagyat na kahilingan ng mamamayan. Ilan sa mga ito ay magkatuwang na binalangkas ng Ibon at Patriots upang kagyat na makaahon ang mamamayan sa napatinding krisis pangkabuhayan na dinaranas nito. Ang ilan sa mga ito ay panimula na ring hakbang para sa mas mapagpasyang pagharap sa mga pundamental na problema ng bansa sa ekonomya.

6 Napahupa ba ng eleksyon ang krisis pampulitika ng bansa?

Hindi napahupa bagkus lalo pang nagbukas ng mas matinding labanang paksyunal ang eleksyon noong Mayo. Pinalala pa ng malawakang dayaan, karahasan at kaguluhan noong eleksyon ang tunggalian ng mga paksyon ng naghaharing uri. Tumampok din sa nakaraang eleksyon ang matinding panggigipit ng gubyerno at militar sa mga progresibong grupo upang hadlangan itong maipagtagumpay sa eleksyon ang malawak na suporta ng mamamayan. Naiproklama si Gloria Macapagal-Arroyo bilang halal na pangulo subalit ang proklamasyong ito ay nakatuntong sa napakabuway na pundasyon, walang kredibilidad at laging pinagdududahan. Hindi nalutas ng eleksyon ang tungaliang paksyunal ng naghaharing uri at katunayan lalagi itong banta sa buong panunungkulan ng gubyernong Arroyo na anumang sandali ay maaring sumambulat at hamunin ang pamumuno nito.

Tulad ng inasahan, ang matinding tunggaliang paksyunal sa pagitan ng dominanteng Lakas-NUCD nina Arroyo at ang “nagkakaisang” oposisyon nina Fernando Poe Jr. ang higit na tumampok sa ginanap na eleksyon. Kung tutuusin, ang tunggaliang ito ay halos ekstensyon pa ng tunggalian sa Edsa 2 sa pagitan ng paksyong Arroyo at paksyong Estrada na nakasakay sa kandidatura ni FPJ.

Ang kandidatura nina Raul Roco, Ping Lacson at Eddie Villanueva, bagamat may isang antas ng seryosong paghamon sa nakaraang eleksyon ay naging side show na lamang sa pangunahing labanan nina Arroyo at FPJ. Katunayan, sa paglaon ng kampanya, ang kandidatura ni Lacson ay nakapagpabawas sa boto ni FPJ at may nagpapalagay pa ngang mas nakatulong kay Arroyo ang kandidatura ni Ping Lacson. Lalong marami ang naghinala nang agad na tanggapin ni Lacson ang panalo ni GMA kahit na hindi pa tapos ang bilangan. Iniharap nina Roco at Villanueva ang kanilang sarili bilang mga liberal o mas mainam na alternatibo subalit bigo itong makagmobilisa ng makinarya at pondo para sa mas epektibong pangangampanya.

Batid ng paksyong Arroyo na dehado ang kanilang laban sa eleksyon dahil sa matinding pagkasuklam ng mamamayan sa lantarang pagiging papet ng US at sa labis na kahirapang iniresulta ng mga patakaran ng globalisasyon ng rehimen. Lantad din sa mamamayan ang matinding pangungurakot sa loob lamang ng tatlong taong panunungkulan na halos pumantay o higitan pa ang pandarambong ng pinatalsik na gubyernong Estrada. Itinatakwil ng mamamayan ang kandidatura ni Arroyo tulad ng ipinapakita sa halos lahat ng sarbey sa simula ng kampanya.

Pero tusong ginamit ng kampo ni Arroyo ang bihirang pagkakataon na mangampanya habang nasa poder na ipinagbabawal ng saligang batas. Pero dahil hindi aplikable sa kaso niya, buong laya at walang kahihiyang ginamit ni Arroyo ang kapangyarihan, makinarya at buong rekurso ng gubyerno para tiyakin ang tagumpay sa eleksyon.

Sa kauna-unahang pagkakataon, hindi nagpatibay ng badyet ang kongresong dominado ng Lakas. Dahil walang naisabatas na badyet para sa 2004, buong layang nagamit ng kampo ni Arroyo ang kabangyaman upang suhulan, bilhin at takpan ng pera ang lahat ng pwedeng mabili sa panahon ng eleksyon. Ginamit nito ang mga proyekto at programa ng gubyerno sa kampanya.

Table 7.
Alleged Election-Related Government Expenditures

Project	Implementing Agency	Amount
Greater Medicare Access (GMA) Program (Health Cards)	Phil Health & PCSO	3,000,000,000
Students Assistance Fund for Education for a Strong Republic (SAFE4SR) 2004	CHED	200,000,000
Kalsada Natin, Linisin Natin Program (from road users tax), 150,000 workers	DPWH	1,600,000,000
Campaign material allegedly paid for by PAGCOR PAGCOR's likely from its intelligence fund (for 2002, intelligence & discretionary funds total)	PAGCOR	256,920,000
Public relation & advertising funds for activities & projects meant to promote Pres Arroyo's candidacy (for 2002, PR & advertising expenses of PAGCOR) (compared to 2001's P164.014M)	PAGCOR	430,112,000
Agriculture funds for farm inputs	Local Government Units	728,000,000
Agriculture funds for farm inputs	MM congressmen	1,100,000,000
Grand Total		7,315,032,000

Unti-unting humabol sa sarbey si Arroyo kasabay naman sa ilang palpak na taktika at kahinaan ng kampanya ng kampo ni FPJ. Ilang linggo bago ang araw ng hahalan, lumitaw sa mga sarbey (maliban sa sarbey ng Ibon) ang malaking ungos ni GMA sa popularidad. Hudyat na ito ng pagkokondisyon sa kaisipan ng mamamayan sa malawakang dayaan tulad ng dagdag-bawas sa bilangan.

Walang dudang malawakan ang dayaan at karahasan tulad ng dokumentasyon ng simbahan at iba pang grupo ng mamamayan. Inamin mismo ni AFP Vice-chief of Staff Gen. Rodolfo Garcia na ang eleksyong ito ang pinakamadugo sa kasaysayan ng eleksyon sa bansa. Ipinapakita mismo ng datos ng AFP na nitong Mayo 2004, may nairekord na 141 kaso ng karahasan kumpara sa mga election-related violence noong mga nakaraang halalan halimbawa 111 noong 2001, 50 kaso noong 1998 at 79 kaso noong 1995.

Pangunahing biktima sa mga karahasang ito ang mga miyembro at lider ng mga progresibong partylist na aktibong lumahok sa eleksyon. Bukod sa Bayan Muna, 5 pang progresibong partylist groups ang nagsulong ng kampanyang elektoral at masigabong tinangkilik ng mamamayan kung pagbabatayan ang mga panimulang sarbey sa simula ng kampanya. Sa hudyat ni National Security Adviser Norberto Gonzales at ng militar, naging target ng mga karahasan mula sa pagpatay hanggang sa pag-aakusa sa mga ito ng mga gawagawang kaso upang mapigilan lamang ang tagumpay ng mga progresibong partylist. Inirereklamo ng militar at ng ilang nagpapanggap na progresibong grupo ang diumano'y dalawahang taktika ng mga rebolusyonaryo na lumahok sa eleksyon habang naglulunsad ng armadong rebolusyon.

Subalit hindi napigilan ng karahasan at sistematikong pandaraya sa mga progresibong grupo. Hindi nito mapagtakpan ang malawak na suporta ng mamamayan sa mga progresibong grupo na ipikaita ng pangunguna ng Bayan Muna sa eleksyon ng partylist. Bukod dito, nagwagi din ang partido ng mga Anakpawis at ang progresibong partido ng mga kababaihan. Hindi man umabot ang botong nakamit ng iba pang partylist, umani rin ito ng malawak na pagtangkilik bukod sa pagkakabuo ng mga pangrehiyong balangay ng mga ito sa proseso ng kampanya.

Hanggang sa pambansang bilangan sa kongreso, tuloy ang maniobrahan ng nagtutungaling paksyon ng naghaharing uri. Ginamit nina Arroyo ang dominasyon sa kongreso upang hindi makalusot ang pagtatangka ng oposisyon na muling bilangin ang mga boto na diumano'y binago ng dagdag-bawas. Lalo pang pinagdudahan ang resulta ng eleksyon nang binalewala ito ng dominanteng paksyon at nagmamadaling prinoklama si Gloria Macapagal Arroyo at ang bise nitong si Noli de Castro kahit na madaling araw.

7 Ano ang ginawa ng gubyernong Arroyo upang makapanatili sa kapangyarihan?

Batid na walang malinaw na mandato, sinisikap ngayon ng gubyernong Arroyo na konsolidahin ang mabuway nitong tangan sa kapangyarihang pampulitika. Agad nitong hinarap ang maagang pagputol sa anumang namumuong protesta kaugnay ng eleksyon, muling kinakabig ang mga nakatunggaling paksyon at pinalalakas ang burukrasya ng gubyerno sa pagpupwesto ng mga pinakamaaasahang alyado at tauhan.

Agad nitong pinipigil ang anumang protesta at marahas na binubuwag ang mga pagkilos ng mga tagasuporta ng kampo ni FPJ at maging ang mga aktibidad ng mga progresibong organisasyon. Mabilis nitong pinararatangan destabilizer, terorista, nanggugulo o komunista ang mga grupong humahamon sa kanyang pagwawagi sa eleksyon. Epektibo nitong tinakot ang mga kalabang pulitiko at agad na binuhusan ng malamig na tubig ang nag-iinit na pagkilos ng mamamayan laban sa garapalang pandaraya at karahasan sa eleksyon.

Maaga ding inaresto ng gubyernong Arroyo ang posibleng aktibidad ng mga ilang paksyon sa militar na batid nitong sumisimpatya sa kampo ni FPJ. Tinututukan nito ang mga kilalang personahe sa burukrasyang militar na epektibong bumara sa mga paggulong ng kampanya laban sa gubyernong Arroyo. Sa pamamagitan ng kumbinasyon ng opensibang propaganda mula sa bayarang midya at mga kaalyado sa negosyo at simbahan, nalagay sa depensiba ang kampo ni FPJ at nawalan ito ng kakayahang maglunsad ng mga pagkilos laban kay Arroyo. Wala rin namang kakayahan ang kampo ni FPJ na kumuha ng malawak na suporta ng masa laluna ng mga militanteng grupo na abala naman sa pagtatanggol sa pagtatangka ng militar at mga klerikopasistang grupo na agawin ang mga tagumpay nito sa kampanyang elektoral.

Unti-unting binuo ng bagong administrasyon ni Arroyo ang makinarya ng pamamahala. Sa ubod nito ay pagpupwesto sa pinakamaaasahan nitong alyado tulad nina dating Kalihim ng Depensa Heneral Angelo Reyes at mga pinagkakautangan sa pulitika tulad nina Noli de Castro na ipinalit kay Sec Dinky Soliman sa DSWD. Sa mga darating na araw, unti-unting mabubuo ang makinarya nito sa diwa ng pagbabalik ng pabor sa mga nakatulong sa kampanya at pagtitiyak ng ubod ng mga kakampi sa gubyerno.

Sinuyo ng gubyernong Arroyo ang mga nakatunggali sa pulitika at agad na nagbigay ng mga konsesyon para makuha ang kanilang suporta. Sa ganitong layunin iniuugnay ang pagbaliktad ng desisyon ng Sandiganbayan at pagpayag nito sa house arrest para sa nakademandang dating pangulo ng bansa na si Erap Estrada. Matapos ito, tila nanahimik ang mga grupo at personaheng malapit sa dating pangulo sa pagbanat sa administrasyong Arroyo. Naiulat din ang mga pagtatangka ng kampo ni Arroyo na mag-alok ng pwesto sa gubyerno sa mga nakalaban nito sa pulitika tulad nina Raul Roco at Brother Eddie Villanueva. Kahit ang mga pulitiko sa kampo ni FPJ ay napaulat na unti-unting dumidistansya sa natalong kandidato at nagsisimulang humanap ng mga panibagong hanayan sa bagong kalagayan.

Agad na ipinain ng gubyernong Arroyo ang isyu ng charter change (ChaCha) na batid nitong paboritong usapin ng mga pulitiko. Mabilis itong sinagpang ng mga pulitiko at epektibong nailihis ng gubyernong Arroyo ang debate.

8 Bakit muling ibinalik ang isyu ng Chacha?

Ang panibagong paglalatag ng panukala sa pagbabago ng konstitusyon ay pagpapatuloy sa mga nauna nang mga pagtatangka na baguhin ito. Matatandaang unang inilatag ang charter change sa panahong gubyernong Ramos noong 1996 at muling iniharap ng gubyernong Estrada noong 1999. Parehong binigo at malakas na itinakwil ng mamamayan ang mga pagtatangkang ito.

Matagal na kung gayon ang interes ng gubyerno na amyendahan ang Saligang Batas ng 1987. Hindi man perpekto ang konstitusyong binuo ng isang kapulungang dominado ng mga panginoong maylupa at kumprador burges, maraming progresibong probisyon ang naipuslit sa konstitusyon dahil sa pagsisikap ng mangilanngilang progresibong komisyoner at dahil na rin sa progresibong ihip ng hangin matapos ang pagpapabagsak sa diktadurang Marcos. Kahit na sa pangkalahatan ay reaksyunaryo ang konstitusyong 1987, ang iilang progresibong probisyong naipasok dito ang target ngayon na baguhin upang iayon sa diumano'y "nagbabagong kalagayan ng daigdig" o sa madaling salita sa imperyalistang globalisasyon.

Itinutulak sa pangunahin ng imperyalismo ang pag-aamyenda sa mga probisyong hindi tumutugma sa prinsipyo ng malayang kalakalan at pamumuhunan na paglabag sa mga itinatakda ng mga pandaigdigang kasunduan tulad ng GATT-WTO. partikular dito ang probisyon ng konstitusyon sa pambansang ekonomya at patrimonya (Artikulo 12) na malinaw na nagtatakda ng proteksyon para sa lokal na kapital, negosyo at likas na yaman. Pinipigilan ng mga probisyon dito ang 100% pag-aari ng dayuhan sa lupa, anumang likas na yaman at mga mahalagang yutilitis tulad ng midya, iskwelahan at iba pa. Dahil sa mga probisyong ito, maaring pagmultahin ang Pilipinas sa WTO dahil labag ito sa prinsipyo ng "national treatment" na itinatakda ng General Agreement on tariff and Trade (GATT).

Pinag-iinitan din ang progresibong probisyon ng pagbabawal sa pagpasok ng mga armas nukleyar at mga dayuhang tropa at baseng militar sa teritoryo ng bansa. Bagamat naikukutan ito sa kasalukuyan ng Visiting Forces Agreement at Mutual Logistics Support Agreement (MLSA), inirerekomenda ang pagbabasura sa mga probisyong ito upang hindi daw magkaroon ng konstitusyonal na problema ang pagtutulungan ng Pilipinas at US sa pandaigdigang gera laban sa terorismo.

Tiyak ding tatapyasan at papupurulin pa ng husto ang Bill of Rights o mga probisyon kaugnay sa mga pang-ekonomya, pangkultura at pampulitikang karapatan na mamamayan na ginagarantiyahan ng saligang batas at naipagtagumpay ng mamamayang Pilipino sa mahaba nitong pakikibaka sa diktadurang Marcos. Kung masusunod ang imperyalismong US, ang mga demokratikong karapatang ito ay ikukupot na lamang sa balangkas ng anti-terorismo tulad ng mapanupil na US Patriot Act na pinipilit na gayahin at ipatupad sa Pilipinas.

Para pagtakpan ang imbing pakana na alisin ang mga natitirang makabayan at makamamamayang probisyon ng konstitusyon, binabalutan ang pag-aamyenda ng mga reporma sa sistema at prosesong pampulitika para makuha ang suporta ng mga pulitiko at gawing sangkalan ng sisi sa mga problema ng bansa. Sa mga naunang Chacha, naging kontrobersyal ang pagtatangka ng mga oportunistang pulitiko na pahabain ang kanilang panahon ng panunungkulan (term of office). Sa kasalukuyan, ang panukala para sa sistemang Federalismo at desentralisasyon ng pampulitikang kapangyarihan ay kumukuha ng pagtataguyod ng maraming pulitiko laluna sa Mindanao. Kabilang din sa pinagtatalunan ang pagbabago tungo sa sistemang parlamentaryo na itinutulak ng gubyernong Arroyo.

Hindi pa man nagbubukas ang kongreso subalit mainit na ang diskusyon sa mga pagbabago sa sistemang pampulitika. Samantala, tila wala nang pinagtatalunan pa ang mga pulitiko sa mga target na iamyenda sa mga pang-ekonomikong probisyon ng konstitusyon upang iayon ito sa pangangailangan ng globalisasyon. Para sa mga naghaharing uri at pulitikong ahente ng imperyalismo, ang pagbabago sa reaksyunaryong konstitusyon ay higit pang pagpapasahol dito upang maalis ang lahat ng legal na balakid sa kanilang paghahari at pagsasamantala.

Reaksyunaryo sa saligan ang konstitusyong nalikha noong 1987. Ang tutuo'y pinapalamutian lamang ito ng ilang progresibong probisyon subalit sa kabuuan, ang kasalukuyang saligang batas ay legal na ekspresyon ng malakolonyal at malapyudal na paghahari ng imperyalismo, panginoong maylupa at burgesya kumprador. Itinatakda ng kasalukuyang konstitusyon ang mga mapang-api at mapagsamantalang istrukturang pinag-uugatan ng kahirapan at kaapihan ng mamamayang Pilipino na nagbunsod ng gera sibil at mga pag-aaklas ng mamamayan.

Anumang pagbabago dito ay nangangailangan ng pinakamalawak na partisipasyon ng lahat ng sektor ng lipunan. Ang pagbabago sa konstitusyon ay hindi simpleng pag-aamyenda lamang sa ilang probisyon kundi dapat maglayong baklasin ang mga mapang-api at mapagsamantalang mga istruktura sa sistemang panlipunan ng bansa. Bilang pundamental na batas ng bansa, ang konstitusyon ay dapat magtadhana ng mga aspirasyon at mithiin ng mamamayang Pilipino.

Magiging makabuluhan ang pagbabago sa konstitusyon kung haharapin nito ang mga isyung kinakaharap ng mamamayan. Mainam ding isaalang-alang ang mga ugat ng mga usaping nagbunsod sa gera sibil at sa mga pag-aalsa ng mamamayan. Hindi patse-patseng paglutas manapa'y kumprehensibong pagharap sa mga usapin ng bayan at mapagpasyang paglutas dito.

Mahalagang ikunsidera sa usapin ng pagbabago sa konstitusyon ang mga isinasagawang usapang pangkapayapaan sa mga rebolusyonaryong pwersa. Napaulat na ang mga ito ay nasa mahahalagang yugto na ng negosasyon. Pansamantalang may tigil-putukan sa pagitan ng MILF at gubyerno habang patuloy ang mga usapan ng kanilang mga kinatawan sa Malaysia. Nasa mahalagang yugto na rin ang usapang pangkapayapaan ng gubyerno at National Democratic Front (NDF) matapos na simulang buuin ang joint monitoring committee (JMC) sa pagpapatupad ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHIHL). Ang GRP-NDF peace talks sa Norway ay kasalukuyang nagtatalakay sa mga suliraning sosyo-ekonomiko ng bansa.

Mainam kung gayon na ilugar ang pagbabago sa konstitusyon nang may pagsasaalang-alang sa mga usapang pangkapayapaang ito sa MILF at NDF. Sa paghahanap ng kalutasan sa gera sibil, tinutukoy sa mga usapang ito ang mga ugat ng hidwaan at pinagkakasunduan ang mga solusyon. Kung sakali, ang

iluluwal na kasunduan sa mga usapang ito ay tiyak at dapat na maging bahagi ng ating konstitusyon. Mahalagang bahagi kung gayon ang mga peace talks sa debate sa pagbabago ng konstitusyon.

Masusukat ang paninindigan ng gubyernong Arroyo sa mga usapang pangkapayapaan kung paano niya ilulugar ang mga kasunuduan sa mga peace talks sa panukala nitong baguhin ang konstitusyon. Ano't anuman, ang seryosong pagbabago sa konstitusyon ay dapat magsimula sa pagtatapos at pagkakasundo sa mga mahahalagang isyung nakasalang sa mga usapang pangkapayapaan. Sa ganitong paraan lamang mailalangkap sa konstitusyon ang tunay na aspirasyon ng nakararami sa mamamayang Pilipino.

9 May mga pagbabago bang maaasahan sa bagong administrasyon ni GMA?

Mabuway ang tuntungan ng bagong rehimen ni Gloria Macapagal Arroyo. Hindi tulad ng dati na nailuklok ng popular na pag-aalsa ng mamamayan para patalsikin ang sindikatong gubyernong Estrada, ang bagong termino ni GMA ay palaging pagdududahan. Gayunman, ang kanyang pagkakaluklok sa poder ay endorso ng mga pulitiko at mga powerbroker sa gubyerno na laging pagtatanawan ng utang na loob ni Arroyo.

Sa pagbubuo pa lang ng makinarya, malinaw na ang mga ipinoposisyon sa mga sensitibo at kapakipakinabang na pwesto ay mga indibidwal na may malaking papel na ginampanan sa kanyang muling pagkakaluklok sa Malakanyang. Subalit walang bago sa mga ito. Ito rin ang mga mga taong nangasiwa sa tatlong taong kahirapan at kaapihan na dinanas ng mamamayang Pilipino. Tila ito rin ang parehong mga indibidwal na mangangasiwa sa susunod na anim na taon.

Inilatag ng rehimeng Arroyo ang kagyat na agenda nito para sa unang 100 araw ng panunungkulan. Maliban sa mga dati na itong target, wala sa mga ito ang may kongkretong solusyon sa kahirapang dinadanas ng mamamayan. Lumilitaw tuloy na bahagi lamang ito ng panibagong panliligaw upang makuha pa ang mas konsolidadong suporta ng mayorya sa mamamayan.

Nasa ganitong balangkas ang mga unang hakbagin ng gubyernong Arroyo. Sa kaso ni Angelo dela Cruz, sumandig ang gubyerno sa popular na sentimyento ng mamamayan na nakisimpatya sa kalagayan ni dela Cruz at muling nagpaalala sa pagpapakatuta ni Arroyo sa US sa isyu ng agresyon sa Iraq. Kahit na ikinagalit ng among imperyalista, higit na tinanganan ni Arroyo ang popular na sentimyento ng mamamayan dahil batid nitong kailangan pang makonsolida ang tangan nito sa kapangyarihan.

Gayunma'y walang palatandaan ng anumang pagbaliktad sa mga patakaran at programa ng nakaraang tatlong taon ng rehimeng Arroyo. Kahit sa programa ng unang 100 araw, mababanaag ang mga itinakdang target sa konteksto ng patuloy na pagpapatupad ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon.

Maging ang ChaCha na sinasabi nitong pangunahing agenda ng kanyang administrasyon ay nakabalangkas pangunahin sa paglulubos ng imperyalistang globalisasyon at pag-aalis sa lahat ng legal na balakid sa pagkukumpleto ng pagsasagawa nito. Hindi man lang naiuugnay ni GMA ang pagbabago sa konstitusyon sa isinasagawa nitong mga usapang pangkapayapaan sa mga rebolusyonaryong grupo ng MILF at NDF. Kabilang ang peace talks sa mga target ng gubyerno na tapusin sa loob ng 100 araw subalit wala pa ring malinaw na posisyon ang gubyerno sa mga isyung inihaharap ng NDF at MILF sa mga usapang pangkapayapaan, Marami tuloy ang nagsasabing ang pakikipag-usap ng gubyerno ay nananatiling nakabalangkas sa walang prinsipyong pagpapasuko sa mga rebolusyonaryong grupo.

Bago pa man ang eleksyon, dalawahang taktika na ang ginagamit ng gubyernong Arroyo sa mga rebolusyonaryong grupo. Bukas itong nakikipagnegosasyon habang patuloy nitong pinapalakas ang mga aksyong militar laban sa mga grupong ito sa likod ng diumano'y pagsalakay sa mga kuta ng teroristang grupong Abu Sayyaf/Jamaiah Islamiyah. Patuloy itong nakikipagdweto sa gera laban sa terorismo ng US at tuloytuloy na nakikipagtulungan sa gera ng US kabilang na ang pagsasagawa ng mga "joint training exercises" ng mga tropang Amerikano at Pilipino na isinasagawa sa Carmen, North Cotabato. Ang mga training exercise na ito ay kakatwang inilulunsad sa mga lugar na kilalang base ng mga rebolusyonaryong grupo kaya marami ang nagpalagay na sa tutuo'y mga operasyong militar ito ng US at AFP laban sa mga rebolusyonaryong grupo.

Tuloytuloy din ang labanan sa pagitan ng AFP at New People's Army (NPA). Kung pagbabatayan, ang mga ulat sa iba't ibang pahayagan, higit na dumalas at may pangkalahatang pagtaas sa antas ng labanan sa pagitan. Subalit patuloy ding dumami ang mga kaso ng paglabag sa karapatang pantao laluna sa mga mamamayan at komunidad na pinaghihinalaang tagapagtaguyod ng mga rebolusyonaryong grupo.

Kaya naman, lalong nagiging mahalaga ang pagtutuloy ng mga usapang pangkapayapaan upang makahanap ng pinakamainam na solusyon sa pagwawakas ng ilang dekada na ring gera sibil sa pangunguna ng Communist Party of the Philippines-New People's Army (CPP-NPA). Patuloy na inaabangan ang mga hakbangin ng gubyerno na maaring magpakita sa kaseryosuhan nitong hanapin ang pangmatagalang kapayapaan at kaunlaran ng bansa.

10 Paano haharapin ng mamamayan ang gubyernong Arroyo?

Hindi pa man nag-iinit ang pwet ni Pangulong Arroyo sa kanyang upuan bilang pangulo ng susunod na anim na taon, agad itong binangungot ng mga usaping iniluwal ng kanyang mga naunang patakaran. Matapos ang eleksyon, sumirit ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin, tumaas ang pamasahe at lalong tumindi ang kawalan ng hanapbuhay. Nagngangalit ang taumbayan at walang maisagot dito ang gubyernong Arroyo maliban sa mga bagong pambobola at pangako.

Ilang araw ding natulala ang gubyerno at hindi malaman kung paano haharapin ang isyu ng pagkakakidnap at bantang pagpugot ng mga rebeldeng Iraqi kay Angelo dela Cruz kung hindi aalisin ang pwersang militar ng Pilipinas sa Iraq. Pumutok ang galit ng taumbayan at agad na isinisi sa gubyernong Arroyo ang sinapit ni dela Cruz. Matagal nang ipinangangamba ng mamamayan at mga migrante, ang epekto ng walang kahihiyang pakikipagsabwatan ng gubyernong Arroyo sa gerang agresyon ng US sa Iraq. Kahit na tinutulan ng mamamayan at hindi suportado ng United Nations, nagpadala pa ang gubyerno ni Arroyo ng tropang militar upang tumulong sa US na "payapain" ang mamamayang Iraqi.

Sumambulat ang galit ng mamamayan sa gubyerno sa pagkakadawit ni dela Cruz sa gerang agresyon ng US sa Iraq. Si dela Cruz ay naging simbulo ng mga Pilipino na napilitang mangibang bansa upang maihanapbuhay ang pamilya at ngayo'y nabibiktima ng mga makadayuhang patakaran ng papet na gubyerno. Umugong ang opinyong publiko at lumaganap ang mga pagkilos ng mamamayan upang pauwiin ng gubyerno sa Pilipinas ang mga tropang militar nito at iligtas si Angelo. Urong-sulong ang gubyerno at katunayan ay naiulat pa nga ang pagtatangka nitong suhulan ang mga Iraqi. Sa pamamagitan ng ilang bayaran sa midya ay pinalutang nito ang mga implikasyon sa relasyon ng US at Pilipinas kung iaalis ang mga tropang militar at papayag sa nais mangyari ng mga rebeldeng Iraqi.

Subalit hindi nito napahupa ang galit ng mamamayan. Patuloy na dumami ang mga rali, prayer vigil, pagtitipon at iba't ibang porma ng pagkilos ng mamamayan na hindi nagpakita ng pag-atras at takot sa harap ng paninikil ng mga pulis at militar ng gubyernong Arroyo.

Sa harap ng determinadong pagkilos ng mamamayan unti-unting napilitan ang gubyerno na pakinggan ang taumbayan. Malaking salik din ang katotohanang dama pa rin ng gubyernong Arroyo ang kawalang kredibilidad ng panalo nito sa nakaraang eleksyon. Batid nitong lalong mahihiwalay ang kanyang administrasyon sa mamamayan kapag hindi nito pinakinggan ang popular na sentimyento ng mamamayan.

Ang tagumpay ng mamamayan sa isyu ni Angelo dela Cruz ay mahalagang tuntungan ng mga susunod ng pagkilos ng mamamayan. Sa harap ng matinding krisis sa kabuhayan, mahalagang maisulong ng mga mamamayan ang mga kagyat na isyung pang-ekonomya na makakapagpagaan man lamang sa bigat ng krisis sa kabuhayan na pinapasan ng mamamayan.

Ang pakikibaka para sa P125 pagtaas sa minimum na pasahod, ang pakikibaka para sa subsidyo sa mga produktong agrikultural, ang pagrolbak sa presyo ng produktong petrolyo, ang pagkontrol sa presyo ng mga batayang serbisyo tulad ng tubig at kuryente, at iba pa ang ilan sa mga isyung kailangang ipaglaban ng mamamayan tulad ng determinadong nitong pagkilos sa kaso ni dela Cruz. Tulad ng kaso ni dela Cruz, ang kahirapang dinaranas ngayon ng mamamayan ay bunga ng patuloy na pagpapatupad ng mga patakarang globalisasyon na idinidikta ng US.

Dapat patunayan ni Arroyo ang kanyang retorika sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga kagyat na patakarang makapagpapagaan ng kahirapan ng mamamayan. Lalaging kakalabit sa gubyernong Arroyo ang kawalang kredibilidad nito sa bawat pagkilos na ilulunsad ng taumbayan. Lalaging bangungot sa gubyernong Arroyo ang katotohanang naiproklama ito isang madaling araw na tulog ang sambayanan.

Subalit hindi eleksyon ang nagbibigay ng kredibilidad sa isang gubyerno. Iniluluklok ng mamamayan ang gubyerno upang katawanin ang interes at mithiin nito. Magkakaroon lamang ng tunay na kredibilidad ang gubyernong ito kung isasakatuparan nito ang tunay na repormang agraryo na interes ng mga magsasakang 70% ng populasyon ng bansa. Magiging kapanipaniwala lamang ang pagnanais nito ng trabaho para sa mga Pilipino kung isusulong ang tunay na pambansang industriyalisasyon. Magiging katanggaptanggap lamang ang gubyernong ito kung ito ay kakatawan sa interes ng mamamayang Pilipino at hindi ng imperyalismong US.

Hanggang ang gubyernong Arroyo ay gubyerno ng mga panginoong maylupa at burgesya kumprador, wala itong kredibilidad sa mamamayan. Kung ganito, araw-araw nitong mararamdaman ang pagtatakwil ng sambayanang Pilipino.■